Mga Dapat Gawin Kapag May Bagyo at Pansariling Kaligtasan
(Japan Meteorological Agency / Gobyerno ng Japan)

[Mga Dapat Gawin Kapag May Bagyo]

>> Kapag mayroong kalamidad sa inyong lugar, HUWAG lumabas ng bahay

- Isa sa mga pangunahing tuntunin na dapat sundin ay ang manatili sa loob ng bahay/gusali at maghintay hanggang makalagpas ang bagyo. HUWAG lumabas upang tingnan ang kalagayan ng ilog o kanal, dahil ito ay isa ring panganib sa inyong kaligtasan.

>> HUWAG gamitin ang elevator
- Kapag mayroong kalamidad, huwag gamitin ang elevator dahil maaaring bahain ang electric/machine room na nasa basement at maging sanhi ng pagtigil ng operasyon ng mga elevator ng gusali.

[Mga Dapat Gawin sa Loob ng 6 na Oras Bago Dumating ang Bagyo]

>>Ipagpalagay na maaaring bahain ang inyong lugar
Kung mayroong banta ng storm surge o pagbaha sa inyong lugar, siguraduhin na palagi kayong nakatutok para tingnan ang mga pinakahuling balita mula sa Japan Meteorological Agency at Gobyerno ng Japan, at maging handa para sa madaliang paglikas.

>>Maging maingat kung kayo ay nasa underground floor
Ang underground floors (subway, shopping mall, at parking lot) ay may panganib na bahain. Maging maingat kung kayo ay nasa underground floor.

>>Kapag naglabas ng 'Evacutaion Advisory' ang Gobyerno, kumilos bilang isang grupo
Kapag naglabas ng 'Evacutaion Advisory', ikandado ang inyong bahay, at hikayatin ang inyong mga kapitbahay na lumikas at lumakad ng sama-sama. Naaangkop gumamit ng sports shoes o trekking shoes sa paglakad sa isang binahang kalsada.

>>Kapag naglabas ng 'Evacuation Preparation Information', dagliang tulungan ang mga nangangailangan ng tulong sa paglikas.
Kapag naglabas ng 'Evacuation Preparation Information', dagliang tulungan ang mga nangangailangan ng tulong (halimbawa: mga matatanda, mga may kapansanan, mga pamilyang may maliliit na bata, at iba pa) at lumikas sa mas ligtas na lugar (halimbawa: sumilong sa mataas na lugar, bahay ng kamag-anak, public welfare facility, at iba pa).

[Mga Dapat Gawin sa Loob ng 12 at 36 na Oras Bago Dumating ang Bagyo]

>>Maghanda ng flashlight at pagkain
Kapag dumadaan ang isang bagyo sa inyong lugar, maaaring huminto ang supply ng tubig at kuryente. Para maging handa sa ganitong kaganapan, siguraduhing mayroon kayong flashlight at radyo (para makatanggap ng impormasyon) sa bahay. Mag-imbak ng pagkain at tubig para sa ilang araw kung mangyaring hindi kayo makalalabas para mamili.

>>Ilipat ang mga household goods sa mataas ng lagayan
Ang household goods ay nasisira kapag nabasa. Ilipat ang mga mahahalagang household goods sa mas mataas na lagayan bilang proteksiyon laban sa baha.

[Mga Dapat Gawin sa Loob ng 36 at 48 na Oras Bago Dumating ang Bagyo]

>> Kung ang inyong bahay ay nasa mababang lugar, maaaring makatulong ang sandbags para mapigilan o mapabagal ang pagpasok ng tubig. Tawagan ang inyong lokal na pamahalaan upang alamin kung may sandbags na maaaring gamitin. Bilang alternatibo sa sandbag, maaaring punuin ng tubig ang isang plastic garbage bag at ilapat ito sa concrete blocks, o kaya naman ay punuin ang

isang cardboard box ng PET bottles na may lamang tubig at pansamantalang gamitin ito bilang isang water bank.

>>Bago ang aktwal na kalamidad, tingnan ang kondisyon ng mga drainage at panatilihin silang malinis.
Ang mga baradong drainage ay maaaring magdulot ng maliit na baha sa kalsada o hardin, na maaaring magdulot ng pinsala sa mga silid at parking lot sa basement. Kung mabarahan ng mga dahon at alikabok ang drainage pipe sa veranda, maaari itong magdulot ng pagbaha sa ikalawa o mga itaas na palapag ng gusali maging sa espasyo sa ilalim ng bubong. Ugaliing tingnan ang kondisyon ng drainage pipes at panatilihin ang mga ito na malinis.

>>Patibayin ang mga tiles ng bubong at mga bubong na corrugated
Kung liparin ng hangin ang tiles ng bubong, maaari itong magdulot ng matinding pinsala sa inyong katawan. Ugaliing tingnan kung mayroong tagas ang bubong o kaya ay mga lamat sa pinakalabas na pader ng gusali. At kung mayroong ibang gamit na maaaring liparin n hangin (hamilbawa: TV antenna, pader, pader na maaaring bumigay, bisikleta, mga nakapasong halaman, at iba pa), itali ang mga ito o kaya ay ipasok sa loob ng bahay.